

1

Pumalibot sa kanya at nagsumiksik sa ilong niya ang banayad at floral na pabango.

Nandito si Jana.

Natigilan ang mga kamay ni Griff Coleman na nagkakabit ng bagong kawad ng kuryente sa kisame ng kusina sa *Stevens House*. Nagsimulang tumambol ang puso niya, hindi makakuha ng sapat na hangin ang kanyang mga baga. Alam niyang imposible na naroon si Jana. Sampung buwan na mula noong napatay ito ng isang adik sa isang tangkang nakawan sa bangko. Pero nararamdaman pa rin niya ang presensya nito, gumigising pa rin siya tuwing umaga na inaabot ito.

Halos hindi siya makatulog sa gabi dahil hinahanap pa rin ito ng mga bisig niya.

Ibinaling niya ang ulo sa tunog ng pambabaeng tawa. Pumasok si Alaina May—girlfriend ng kapatid niyang si Rye at ang bumili ng matandang Victorian house na iyon para i-remodel at gawing bed-and-breakfast—sa kusina. May kasunod itong maliit na babae na may maikli at maitim na buhok. Ang huli

siguro ang may gamit ng pabango ni Jana.

Malamang dating housemate ito ni Alaina sa Dallas. Nakilala na siguro ito ni Rye at ng isa pa nilang kapatid na si Dax, pero siya hindi pa. Trabaho lang ang inaatupag niya araw-araw; uuwi siya mag-isa at magtatrabaho na ulit kinabukasan. Sampung buwan nang ganoon. Wala siyang nakikitang dahilan para mabago iyon sa hinaharap.

Inilibot ng kasama ni Alaina ang tingin nito sa kusinang walang kalamam-laman. Iyon din ang palagay ni Griff sa kusina, isang hungkag na kahon lamang iyon. Tatapusin niya lahat ng ikakabit na ilaw ngayong araw, maglalagay ng drywall simula bukas, sunod ang sahig, pagkatapos ay ang mga cabinets at appliance. Aabutin nang ilang linggo ang trabaho, pero sa umpisa ng Nobyembre, makakapag-stock na si Alaina ng cabinets at pantry.

Pinagmasdan niya ang kasama nito habang pinadadaan ng babae ang dulo ng mga daliri sa magaspang na dingding. Pinaalala niyon sa kanya kung paano pinaglalandas ng isang babae ang mga daliri nito sa balat ng isang lalaki.

Sampung buwan na mula nang makadama siya ng ganoon. Alam niyang aabutin pa iyon nang mas matagal. Sila na ni Jana high school pa lang sila.

Hindi niya makita ang sarili na kasiping ng iba, maliban sa kanyang asawa.

“Oh, Lainy, ang ganda nito.”

Natawa si Alaina. “Walang nandito.”

“Mahusay ang imagination ko. Nakikita ko na ang hitsura nito pag natapos.” Lumipat ang tingin nito mula kay Alaina patungo sa kanya na nasa stepladder. Nanatili ang ngiti sa mukha nito, may kahalo na ngayong kinang ang mga mata. “Hello.”

Tiningnan ni Alaina ang kaibigan, pagkatapos ay si Griff pabalik sa kasama nito. “Oo nga pala. Hindi mo pa nakilala si Griff. Emma, ito si Griff Coleman, kapatid ni Rye. Griff, si Emma Keeton, isa sa mga best friends ko.”

Tumango siya at bumati. “Hello.”

“Hi,” anito, mas malawak ang ngiti.

“Tinutulungan ako ng mga kapatid ni Rye,” paliwanag ni Alaina kay Emma. “Si Griff ang company electrician, si Dax ang painter.”

“Matapang ka pala.” Nangaligkig si Emma. “Takot ako sa kuryente.”

“Hindi ka maaano kung maingat ka.”

“Ikaw ang bahala diyan sa mga kable mo. D’un ako sa mga kawali ko.”

Tiningala siya ni Alaina. “Si Emma ang magiging chef ko pag open na ang *B-and-B*. Sa restaurant sa Dallas siya ngayon.”

Napangiti si Emma. “Excited na ako.”

Pinakislap ng ngiti ng babae ang mga mata nito. Pinasadahan ni Griff ng tingin ang katawan nito. Hindi lalampas sa five-foot-three ang estranghera, nasa 110 lbs. ang timbang. Para sa isang maliit na babae, makurba ang katawan nito. Pinalitaw ng mahigpit nitong jeans at maliit na T-shirt ang perpekto nitong hubog.

Napahiya siya sa sarili dahil napansin niya ang katawan nito. Mabilis niyang itinuloy ang pagkakabit ng wires na nakalawit mula sa kisame. May mga ceiling fans at ilaw na kailangan siyang i-install sa halos lahat ng silid sa bahay na iyon. Wala siyang oras para titigan ang kaibigan ni Alaina.

“Halika, tingnan mo ’yung office ko.” Kinuha ng huli ang bisig ni Emma at hinila ang kaibigan patungo sa silid na ibinawas mula sa kusina. “Niliitan ni Rye nang konti iyong back hall at nilakihan iyong dating pantry. May cute akong puwesto d’un sa sulok.”

Pinanood ni Griff ang dalawang babae habang tinatawid ng mga ito ang kusina. Hinayaan ni Emma si Alaina na igiya ito, pero lumingon ito at tiningnan siya. Sinabayan niya ang titig nito hanggang sa mawala ang dalawa sa paningin niya.

“It’s cozy, malaya na akong makakakilos dito.” Itinuro ni Alaina ang built-in bookshelves sa isang dingding. “Ang cute, ’no? Pulido talagang magtrabaho si George. Sana umpisahan na niya iyong mga kitchen cabinets.”

Patangu-tango lang si Emma habang tuloy sa pagdaldal si Alaina. Masaya siya na masaya ang kaibigan, pero tuksong bumabalik ang isip niya sa lalaking naroon sa hagdan sa kusina.

Sa payat, pero sobrang sexy at guwapong lalaki na nasa hagdan.

Naikuwento na Alaina sa kanya ang tungkol kay Griff. Nakalulungkot na maaga itong nabiyudo, lalo na’t naging napakasaya umano ng mag-asawa. Marami siyang kilalang mag-asawa na magkasama pa pero hindi niya tatawaging masaya ang mga iyon.

Napapitlag siya nang ikaway ni Alaina ang isang kamay sa harap niya. “Ano?”

“Nas’an ka ba?”

“Nandito.”

“May narinig ka ba sa mga sinabi ko?” tanong nito, nakakunot ang noo.

“Oo. S’abi mo cute ang bookshelves mo. I agree. At sabi mo, sana umpisahan na ni George—kung sinuman siya—’yung kitchen cabinets.”

Pinagkrus nito ang mga bisig sa ilalim ng dibdib. “At?”

“At... ano?”

“Ano’ng sinabi ko pagkatapos n’un?”

Walang ideya si Emma. Dahil ayaw niyang malaman nitong hindi siya nakikinig, nagmaang-maangan siya. “Kung anu-ano tungkol sa bahay mo. Gusto ko nga palang malaman kung naka-order ka na ng kitchen appliance. Nangako ka na puwede kitang tulungang pumili.”

“No, hindi pa ako nakaka-order at iniiba mo ang topic.”

Hindi niya talaga maisahan si Alaina, kahit ilang beses niyang sinubukan. “Okay, okay. Iniisip ko si Griff. Masaya ka na?”

Pinaikot nito ang mga mata. “Ikaw talaga.

Pinagnanasaan mo pati si Griff.”

“Iniisip ko lang na sayang at maagang namatay ang asawa niya.”

“Oo, sayang talaga.” Sumandal si Alaina sa bookshelves, nasa mga mata ang malasakit. “Sobrang naglululuxa pa siya. Hindi masyadong umiimik mula nang mapatay ang asawa niya. S’abi ni Rye trabahobahay lang daw iyang si Griff, mag-isa lang lagi d’un sa bahay niya tuwing gabi. Kapag Sunday, napipilitan siyang maghapunan sa bahay ng parents nila dahil ayaw niyang saktan iyong matatanda. Ni hindi na nga iyan ngumingiti.”

“Baka kailangan niya ng konting tulong para makabalik sa mundo ng mga buhay.”

“Em—”

“Hindi ako umeepal, Lainy. Naaawa lang talaga ako sa kanya. Buhay pa siya at sobrang yummy. Medyo payat nga lang, pero patatabain ko siya kaagad sa mga lutuin ko.”

“Desidido kang ipagsiksikan ang sarili mo sa kanya, ano?”

Nagpantay ang balikat niya sa akusasyon nito. “Hindi ko ipinagsisiksikan ang sarili ko sa kahit na

sinong lalaki, ha.”

Natatawang napailing si Alaina. “Wala kang katulad, alam mo ba iyon?”

“Sinusubukan ko.” Lumapit siya rito at tumuon sa bookshelves. “So,” bulong niya, “palagay mo malaki ang ano ni Griff?”

“Well, kung pareho sila ng kuya niya...” Pinagtaas-baba ni Alaina ang mga kilay.

“Wala kang reklamo sa tool ni Rye, huh?”

“Wala sa size, at wala sa paraan ng paggamit niya.” Pinaypayan pa ni Alaina ang mukha gamit ang isang kamay. “Whew!”

Sumimangot si Emma habang humahagikgik ang kaibigan. “Ikaw, ha, nakakalamang ka na sa ’kin pagdating sa sex.”

Tumawa na rin siya, hanggang sa pumasok sa opisina ang lalaking pinag-uusapan nila. Tumingin si Rye kay Alaina pagkatapos ay sa kanya, nagtataka ang expression sa mukha. “Naririnig ko ang bungisngis n’yo mula sa kusina. Ano ba’ng nakakatawa?”

Nagkatinginan sila ni Alaina at napabunghalit ng tawa. Pinagkrus ni Rye ang mga braso sa dibdib nito. “Pag ganyan ang tawa ng dalawang babae, lalaki ang

pinag-uusapan nila.”

“Hindi, ah,” ani Emma. “Mga tools ang pinag-uusapan namin. Di ba, Alaina?”

“Mismo.”

“Mukha nga.” Itinuon nito ang atensyon sa nobya. “Tingnan mo daw ’yung samples ni George para sa library bookshelves.”

“Okay.”

Isiningit ni Dax ang ulo nito sa gilid ng pintuan at tumingin kay Alaina. “Andiyan ka pala. Tingnan mo ’yung mga pintura at sabihin mo sa ’kin kung anong mga kulay ang gusto mo.”

“Biglang naging in-demand ako, ah. Babalik ako agad, Em.”

“Sige lang.”

Umabot sa mga balikat ni Rye ang buhok nito, ang kay Dax ay sa kalahati ng likod nito, naka-ponytail. Para sa kanya, sexy ang long hair, pero wala siyang problema kung maikli ang buhok ng isang lalaki.

Gaya ni Griff.

Guwapo ang triplets. Sa tingin pa lang ng mga ito, kahit sinong babae ay maaakit. Halatang hindi

na available si Rye, pero si Dax libre pa. Bihira silang magkatagpo, ngunit lagi itong ngumingiti nang malandi sa kanya kung di man kikindat. Walang duda na kung aakitin niya ito, itatanong lang nito kung saan at kailan. Wala rin siyang duda na magaling ito sa kama.

Pero si Griff ang may kung anong pinukaw sa loob niya.

Sa payat nito at sa malungkot nitong mga mata, para itong nawawala... isang taong gumagalaw lang dahil buhay ito at hindi namatay kasama ng asawa nito. Kailangan ng lalaki ng taong magbabalik ng kinang sa magaganda nitong mga mata na kulay-tsokolate at muling magpapangiti rito.

Kilala ni Emma kung sino ang tamang babae.

Napangisi siya. Sobrang mag-e-enjoy siya sa bago niyang assignment.

Iginalaw-galaw ni Griff ang ulo, upang maalis ang pananakit ng mga namitig na kalamnan sa leeg niya at mga balikat. Nasa hagdan siya halos maghapon, nakatingala, maigting ang buong katawan. Sa kabila ng init ng Hunyo, gusto niya pa ring mag-hot shower pag-uwi at ipahinga ang mga balikat niya nang kahit

isang oras.

Lumabas si Dax mula sa isang sulok galing sa library, ipinupunas ang kamay nito sa basahang may pintura. “Hey, Bro. Tapos ka na ngayong araw?”

“Oo. Pauwi na ako.”

“Kung sumama ka na lang kaya sa ’kin sa *Boot Scootin*’. Isasama ni Rye sina Alaina at Emma. Order tayo ng beer, cheeseburger, ’tapos magbilyar.”

“Wag ngayon.”

Bumaling siya patungo sa back door. Nagulat siyang makita na nasa tabi niya si Dax nang buksan niya ang pinto ng kanyang van.

“Kelan?” tanong nito.

“Kelan ano?”

“Kung di ngayong gabi, kailan? Kailan ka babalik sa pagiging kapatid ko?”

Kumunot ang noo niya. Hindi niya kailangan ng sermon galing kay Dax. “Hindi ko alam ang sinasabi mo.”

“Alam mo.” Namaywang ito at kumunot din ang noo. “Sampung buwan ka nang ganyan. Ginagawa mo ang trabaho mo, pagkatapos uuwi ka d’un sa

malungkot mong bahay at magtatago sa lahat.”

Inihagis ni Griff ang tool belt niya sa loob ng van at ibinagsak ang pinto. “Shut up, Dax.”

“No, hindi ako tatahimik. Hindi na ngayon. Sampung buwan na akong naninimbang sa ’yo. Panahon na para mabuhay ka ulit.”

“Hindi ko kailangang makinig sa ’yo.”

Tinungo na niya ang driver’s door. Hinagip ni Dax ang braso niya bago pa niya nabuksan ang pinto. Marahas niyang binawi iyon mula rito.

“Wag kang makialam!”

“Hindi ko na kaya. Hindi ko na kayang panoorin ka na unti-unting nagpapakamatay. Wala ka nang pakialam sa kahit ano o sa kahit na sino. Hindi ganyan ang kapatid ko.” Hinagip nito ang balikat niya. “Nami-miss ko rin siya, Griff.”

Pinagsikip ng emosyon ang lalamunan ni Griff hanggang sa halos hindi na siya makahinga. Hindi siya umiyak noong mawala si Jana. Ni isang patak ng luha mula nang mamatay ito ay walang nanggaling sa kanya, kahit noong ilibing ito. Hindi siya makaiyak sa sobrang sakit.

Pinisil ni Dax ang kanyang balikat. “Inom

tayo. Magbilyar, kakain tayo ng mamantikang cheeseburgers sa *Dolly's*. Para magkalaman ka ulit. Ano?”

“Hindi ko kailangan ng awa mo.”

“Beer, burger at bilyar ang inialok ko.”

Binuksan na niya ang pinto ng van. “Hindi ngayon.”

Umakyat na siya sa driver’s seat at isinara ang pinto. Hindi nasanggahan ng metal at bintanang naghiiwalay sa kanilang magkapatid ang sunod na sinabi ni Dax.

“Hindi matutuwa si Jana na nagkakaganito ka, Griff. Gugustuhin niyang maging masaya ka.”

Tumanggi siyang sumagot, iniikot na niya ang susi sa ignition at lumabas sa parking space. Walang sinumang may karapatan na pagsabihan siya kung ano ang dapat niyang maramdaman, kung gaano katagal siya dapat magluksa. Minahal niya ang kanyang asawa nang higit sa buhay niya. Walang pag-aalinlangan na ihaharang niya ang sarili sa balang pumatay rito para iligtas ito.

Minaniobra niya ang van sa dating puwesto niyon sa kanyang garahe. Tumingin siya sa kanan,

kung saan natatakluban ng cloth cover ang kotse ni Jana. Sasakyan nito ang laging ginagamit nila kapag magsa-shopping sila o dadalaw sa mga magulang nila. Sa trabaho lang niya ginagamit ang van. Ngayon, ang van lagi ang gamit niya dahil ayaw niyang maupo mag-isa sa kotse ni Jana.

Napakaraming bagay na ayaw niyang gawing mag-isa.

Iniwang niya ang van, at binuksan ang pinto na sa kusina ang tuloy. Naisip niyang magaling na pang-alis ng stress na dala ng sermon ni Dax kung babasagin niya lahat ng plato sa kusina. Kung gagawin niya iyon, marami siyang liligpitin at wala na siyang makakainan. Sabagay, hindi na rin siya halos kumakain. Nawalan na siya ng gana mula nang mawala sa kanya ang asawa.

Ayaw niyang pumunta sa *Boot Scootin'*. Tumigil na ang karamihan sa mga tumitingin na parang kinaaawaan siya, pero hindi pa rin siya komportable kapag may mga tao sa paligid. Ayaw na niyang makarinig ng, "*Nakikiramay ako*" ulit.

Pagkagaling sa kusina, dumerecho siya sa sala. Marahan siyang naglakad, pinag-aralan ang mga muwebles habang dumaraan siya. Si Jana ang matiyagang nag-decorate sa bawat parte ng bahay.

Wall hangings, sedang bulaklak sa ceramic planters, mga kandila sa mga kristal na lalagyan. Maingat nitong pinili ang tamang lugar para sa bawat isa kaya naghalo ang lahat at naging komportable ang kanilang tahanan.

Wala siyang magalaw kahit isa sa inayos nito.

Nilampasan niya ang sala at ang pasilyo patungo sa master bedroom. Naroong ikuyom-dili niya ang kamay habang tinititigan ang nakasarang pinto. Wala pang labindalawang beses siyang pumasok doon sa loob ng sampung buwan. Inilipat niya ang mga damit niya at personal na gamit sa guest room pagkatapos ng libing ni Jana. Hindi niya kayang matulog sa malaking kama roon nang wala sa tabi niya ang asawa.

Huminga siya nang malalim upang kumuha ng lakas, itinulak niya ang lever at bumukas ang pinto. Napatitig siya sa kama na may ivory chenille bedspread. May sandosenang decorative pillows na iba't ibang kulay. Biniro niya noon si Jana tungkol sa mga unan, sinabi niyang kailangan nitong alisin ang mga iyon sa gabi at ibalik na lang sa kama tuwing umaga. Iniangat nito ang cute na baba at sinabing mahilig ito sa mga unan, at hindi nito tatanggalin ang mga iyon.

Gustung-gusto niyang binibiro ito.

Maayos at malinis ang lahat, salamat sa lingguhang pagbisita ng ina sa kanyang bahay. Bumaling siya sa kanan at nakita ang ilang litrato sa dresser. Kinuha niya ang isa na nasa pilak na kuwadro at tinitigan ang mag-asawang nakangiti sa camera. Nakatayo siya sa likuran ni Jana, nakayapos ang mga bisig sa baywang nito, nasa balikat nito ang baba niya. Kumikinang ang mga mata at ngiti ng babae. Kuha iyon dalawang taon na ang nakakaraan, noong ikalimang anibersaryo nila.

Napakasaya nila, totoong masaya, hindi kagaya ng maraming kilala niya na pinagtitiisan lang ang isa't isa dahil may marriage certificate ang mga ito.

Hinaplos niya ang pisngi ng asawa sa larawan gamit ang isang daliri. "I miss you," bulong niya.

Ibinalik niya ang frame sa eksaktong puwesto na pinagkuhanan niya. Minsan pa niyang sinipat ang silid at lumabas na pagkatapos ay isinara ang pinto sa likuran niya.

2

Kiniskis ni Emma ng tisa ang dulo ng kanyang tako habang marahan siyang gumagalaw paikot sa pool table, hinahanap ang pinakamagandang anggulo. Nakatig-isang panalo na sila ni Dax. Kapag naipasok niya ang eight ball, panalo ulit siya at ang kalaban niya ang magbabayad ng next round ng kanilang inumin.

Kung masaling ang ego nito dahil babae ang makakatalo rito, pasensya na lang.

Pinabanda niya ang cue ball sa gilid, dumukwang sa mesa, inihanda ang tako at sinipat ang pitak sa sulok. “Eight ball in the corner.”

Umismid si Dax. “Tingnan natin.”

Tumuwid si Emma at iniangat ang baba. “Hindi ka naniniwalang kaya ko? Pupusta ka?”

Pinaningkitan siya nito ng mga mata. “Talaga. Twenty bucks, sablay iyan.”

“Deal.”

Dumukwang ulit siya sa mesa, sinipat ang titirahin. Bumanda sa gilid ang cue ball. Pumalo iyon

sa eight ball, na dumerecho naman sa corner pocket.

“Well, shit,” bulong ni Dax.

Lumapit siya sa kinaroroonan ng lalaki at iniumang ang kamay niya. “Utang mo, twenty bucks.”

Bubulung-bulong na kinuha nito sa bulsa ang wallet, dumukot ng twenty at ibinagsak iyon sa palad niya. “Gusto ko ng rematch.”

“Any time.”

Ngumisi siya at gayundin ang ginawa nito. Iginiya siya nito sa mesa kung saan nakapuwesto sina Alaina at Rye, nasa ibabang bahagi ng likod niya ang kamay nito. Kahit sobrang makipag-flirt si Dax sa kanya, wala iyong ipinagkaiba sa trato nito sa bawat babae sa paligid nito.

Nasabi na ni Alaina na hindi interesado si Dax sa kahit anong pangmatagalang relasyon. Ganoon din siya. Baka sila ni Dax ang bagay.

“Hey, si Griff,” ani Alaina.

Nakatuon ang atensyon niya kay Dax, kaya hindi niya nakitang pumasok si Griff sa bar. Ibinaba niya ang bote ng kanyang beer sa mesa, at pinanood itong lumakad patungo sa puwesto nila.

“Hey, Bro,” nakangiting bati ni Dax. “Buti nagbago isip mo.”

Tinanguan ito ni Griff. “Walang magandang palabas sa TV.”

Humila si Rye ng isang upuan mula sa isa pang mesa. “Malapit na kaming mag-round two. Gusto mo ng beer?”

“Puwede rin.” Inayos ni Griff ang upuan sa pagitan nina Dax at Alaina, sa tapat mismo ni Emma. “Sino’ng taya?”

“Si Dax,” sagot niya. “Natalo ko siya sa bilyar, eh.”

“Palagay ko, nandaya ka,” nakalabing sabat ni Dax.

Hindi matatawag ni Emma na ngiti iyon, pero parang kumibot ang mga labi ni Griff. “Nagpatalo ka kay Emma?”

“Hey, hindi siya nagpatalo sa ’kin. Tinalo ko siya; walang labis, walang kulang.”

“Pustahan tayo, hindi mo kayang talunin si Griff,” ani Dax. Nambubuyo ang ngisi nito na tanggapin niya ang hamon.

Tumingin siya kay Griff. Sigurado siya sa pagkibot

ng mga labi nito ngayon. “Oh? Magaling ka ba?”

Nagkibit-balikat ito.

“Twenty dollars ulit, hindi mo kayang talunin si Griff sa bilyar.” Naglabas ng dalawang ten dollar bills si Dax mula sa wallet nito at inilatag ang pera sa gitna ng mesa. “Rye, sali ka?”

“Game.” Sinamahan ng twenty dollars ni Rye ang pera ni Dax sa mesa. “Ikaw, Alaina?”

“No. Hindi ako pupusta sa bilyar pag si Emma ang kalaban.”

“Thanks, Lainy. Alam kong kaibigan kita.” Tumingin siya kay Griff. “Gusto mong matalo ng babae?”

“Hindi ako matatalo.”

Kailangang mabawasan ang kayabangan nito. Itinuro niya ang forty dollars na nasa mesa. “Kung ganoon, pumusta ka.”

Tinitigan siya ni Griff nang ilang sandali, hindi mabasa ang expression nito, bago nito kinuha ang wallet. “You’re on.”

Lumapit ang waitress sa mesa nila saktong idinadagdag ni Griff ang twenty dollars nito sa

nakalatag na pera. Ngumisi ang waitress. “Tip ko ba ’yan?”

“Galante kami, Lana,” ani Rye, “pero hindi gan’un ka-galante.”

“Sayang. Isang round pa kayo?” Hinawakan nito ang balikat ng bagong dating. “Gusto mo ng beer, Griff?”

“Oo.”

Iniabot ni Rye ang bote ng naubos nitong beer kay Lana. “Saka cheeseburgers at fries para sa ’ming lahat.”

“Okay.”

Sinipa niya ang binti ni Griff sa ilalim ng mesa. “Gusto mong matalo habang hinihintay natin ’yung pagkain?”

“Sinabi ko na sa ’yo, hindi ako matatalo.”

“Oo na, oo na. Ipakita mo sa ’kin ang galing mo, Coleman.”

Nauna na siya papunta sa pool table. Nagsilid siya ng one-dollar bill sa slot para makuha ang mga bola habang pumipili si Griff ng tako sa holder sa dingding. Inayos nito ang mga bola habang kinukuha

niya ang tako na ginamit niya nang maglaro sila ni Dax.

“Sino’ng babasag?” tanong niya.

“Ladies first.”

Alam niyang iyon ang sasabihin nito. Gentlemen ang tatlong magkakapatid. Pero hindi ibig sabihin, pagbibigyan niya ito sa kanilang laro.

Tinira niya ang cue ball. Maganda ang tunog ng basag niya, pasok agad ang dalawang bola sa corner pocket.

“Nice break,” komento ni Griff.

“Salamat.” Marahan siyang umikot sa mesa, tiningnan ang mga bola para sa sunod niyang tira. “Four sa gilid.”

Naipasok niya ang tirang iyon, pati na ang seven ball, bago pumalya ang number three. Matiyagang nakatayo lang si Griff habang tumitira siya, mga mata lamang nito ang gumagalaw, pinapanood siya. Ngayon, humakbang ito palapit sa mesa, pinasadahan nito ng tingin ang pagkakaayos ng mga naiwang bola.

“Ten sa gilid.”

Malinis na pumasok ang bola. Ganoon din ang

nangyari sa eleven, fourteen at fifteen. Iniisip niya kung patitirahin pa siya nito, nang pumalya ang tira nito sa number twelve sa side pocket.

Siya ulit, pagkatapos ito, hanggang sa may tig-isa na lang silang bola, at ang eight sa tabi ng mesa. Nakatayo sa malapit sina Rye, Dax at Alaina, tahimik na nanonood sa laban. Ang last ball ni Griff ay nasa pagitan ng tira ni Emma, ng cue ball at ng isang pitak. Alam niyang malaki ang tsansa na pumalya ito o ang bola niya ang maipasok.

Ayaw niya sa ganoong klaseng panalo. Gusto niyang talunin ito gamit ang husay niya.

Dumukwang ito sa mesa, nakahanda ang tako para sa tira. “Thirteen sa gilid.”

Pigil niya ang hininga habang ibinabanda ni Griff ang bato sa dulo sa gilid para tirahin ang thirteen. Dumerecho iyon sa side pocket, gaya ng sinabi nito, pero tumigil iyon sa gilid.

Napaungol ang mga kapatid nito, napangisi si Alaina at excited na nag-cheer. “Kaya mo ’yan, Emma! Go for it!”

Magiging madali ang huling tira niya dahil sa posisyon ng cue ball. Inismiran niya si Griff habang inililinya ang kanyang tira. “One sa corner.” Pumasok

iyon, at mabilis na sinundan ng eight ball. Nakaismid pa rin, lumakad siya patungo kay Griff at nginisian ito. “Akala ko sabi mo hindi ka matatalo.”

Hindi ngumiti ang lalaki, pero nakikita niya ang pagkaaliw sa mga mata nito. Nagkibit-balikat ito. “Mas magaling ka kaysa sa inaasahan ko.”

“Nandito na ang order n’yo!” tawag ni Lana habang palapit ito sa mesa nila dala ang isang mabigat na tray.

“Mabuti.” Inilapag ni Emma ang kanyang tako sa pool table. “Nakakagutom ang manalo.”

Ibang-iba siya kay Jana.

Pabalik-balik ang tingin ni Griff kay Emma habang kumakain ang lahat. Napakaganda nito, walang duda roon. Ang maiksi at kumukulot nitong buhok, ang malalaki at asul nitong mga mata, at makinis nitong balat ay nakakaagaw ng atensyon ng kalalakihan. Iyon din ang epekto ng makurba nitong katawan. Mas matangkad dito si Jana, mahaba ang tuwid at dark brown na buhok. Slim ang asawa niya, halos wala itong dibdib o balakang. Pero hindi iyon mahalaga sa kanya. Napakalambing ni Jana at mabait at mahiyain, at minahal ito ng lahat.

Duda niya, walang itinatagong hiya sa katawan

ang seksing si Emma.

Hindi siya sigurado kung bakit siya nagdesisyong pumunta sa *Boot Scootin'*. Walang dating sa kanya ang isa pang mahaba at malungkot na gabi. Napag-isipan niya ang sinabi ni Dax na ang gusto ni Jana ay maging masaya siya. Sa kaloob-looban ni Griff, alam niya iyon. Ang problema niya ay kung paano ito pakakawalan.

Bumalik kay Emma ang tingin niya. Masikip at maikli ang T-shirt nito, sapat para sumilip ang isang bahagi ng tiyan nito. Dahil sa nakita, isama pa ang dibdib nitong bumabakat, parang gusto niyang itaas ang shirt nito at hilahin pababa ang jeans nito para mas mapagmasdan ang kaakit-akit nitong katawan.

Itinigil niya ang iniisip, at umabot ng isang pirasong French fry sa kanyang plato. Na-shock siya nang makitang wala nang laman ang plato niya. Naubos niya ang kanyang cheeseburger at fries. Hindi pa siya nakakaubos ng pagkain mula noong mamatay si Jana.

Bumalik si Lana sa mesa at nagsimulang magligpit ng mga pinagkanaan. “Sino’ng may gusto ng peach cobbler?”

“Ako,” sabay na sabi nina Rye at Dax.

Tumingin si Alaina kay Emma. “Masarap ang peach cobbler ni Dolly, pero malaki. Gusto mo hati tayo?”

“Sige,” sagot ni Emma.

Dinampot ni Lana ang plato niya. “Ikaw, Griff?”

Shock ulit. Gutom pa siya. “Oo, isa rin. May ice cream.”

“Kabisado ko na iyon.” Ngumisi ito. “Saglit lang.”

Umalis si Dax sa pagkakasandal sa upuan nito. “Okay, Bro, umamin ka. Pinapanalo mo si Emma, ano?”

Tumingin siya sa dalagang nabanggit. Pinanood siya nito habang sumisimsim ng beer. Puwede siyang magsinungaling at sabihin na hindi niya ginawa iyon, o magsabi ng totoo at aminin na nagpatalo siya talaga. Naisip niyang paikutin ang sagot. “Nakita mo ang huling tira ko. Sablay.”

“Oo, pero sinadya mo bang sumablay?”

Naningkit ang mga mata ni Emma. “Wag na ’wag kang magkakamaling sabihing sinadya mo.”

Gusto niyang matawa. Sampung buwan na niyang hindi nararamdaman iyon. Ni hindi na nga

siya sigurado kung makakangiti pa siya nang di nababasag ang mukha niya. “Hindi mo maririnig sa ’kin iyan.”

“Pero sinadya mo, ’no?” Maingay na bumagsak ang bote ni Emma sa mesa nang ibaba nito iyon. “Pinigil mo iyong tira para hindi pumasok.”

“Heto na.” Dumating si Lana dala ang tray na may bowls ng peach cobbler at vanilla ice cream.

Saved by the dessert, naisip ni Griff. Inupakan niya ang cobbler, pero nagkamaling sumulyap muli kay Emma. Tiningnan siya nito nang masama.

“Gusto ko ng rematch, Coleman.”

“May pool table si Rye,” sabat ni Alaina. “Laro kayo sa bahay niya.”

“Ikaw at ako,” ani Emma, nakatutok ang kutsara nito sa kanya. “Bukas ng gabi. At ayusin mo ang paglalaro.”

“Sagot ko ang beer,” ani Dax, nakangisi.

“Magdadala ako ng barbecue.” Ngumiti rin si Rye. “Masaya ’to.”

“Are we on?” tanong ni Emma sa kanya.

Lumaki si Griff kasama ng mga kapatid at sanay

Irresistible Sin - Lynn LaFleur

siyang nakikipagkompetensya. Pinalaki silang may konsiderasyon sa babae, upang maging maginoo sa lahat ng pagkakataon. Kaya niya pinapanalo si Emma.

Pero binuhay ng hamon nito ang agresibong halimaw na nasa loob niya, nagwawala iyon ngayon at umuungol.

“We’re on.”

3

Nang magpasya si Emma na magpalipas nang ilang araw sa Lanville kasama si Alaina, ang tanging gusto niya ay makapag-relax, magbabad sa araw at mag-enjoy. Biniro niya ang kaibigan tungkol kay Rye at sinabing kung kasintahan nito ang isang Coleman, puwedeng sa kanya ang isa. Inaasahan niyang si Dax iyon, at naniniwala pa rin siyang may pag-asa sila.

Pero si Griff ang dahilan kaya namimilipit siya sa pagnanasa.

Hindi siya nangangarap ng habambuhay kasama ang isang balo. At hindi niya gusto ng ganoon. Good time lang ang dahilan kaya naaakit siya rito. Sinabi ni Alaina, hindi pa raw ito tumitingin sa babae mula nang mamatay ang asawa nito. Sayang naman ang pagkalalaki nito.

Lalo na't payag siyang gamitin nila iyon.

Nag-alis siya ng kumot at nag-inat. Isang matagal na hot shower, almusal, at handa na siyang simulan ang araw. Dahil si Rye ang gagastos para sa barbecue sa kanilang hapunan, naisip ni Emma na gumawa ng side dishes. Iyong healthy sana, kaso mas bagay ang

baked beans at potato salad sa barbecue. Gumawa rin siya ng quadruple chocolate brownies para sa dessert.

Calorie overload para sa lahat, pero palagay niya ay magugustuhan ng mga ito ang inihanda niya.

Dahil alam niyang nakaalis na sina Alaina at Rye patungo sa *Stevens House*, hindi na siya nag-abalang magtapi ng roba. Pumunta siya sa kusina, may note na nakasandig sa coffeemaker.

Handa na ang kape, pindutin mo na lang 'yung button. Kita tayo mamaya. –A

Ang bait talaga ni Lainy. Naghandang siya ng kape, at tumuloy sa malaking shower sa master bathroom. Gusto niya ang pakiramdam ng tubig na tumatama sa kanyang katawan.

May steam nang umaangat mula sa shower area bago tumapat si Emma sa ilalim ng mainit na tubig. Tumingala siya at nagbabad nang ilang sandali at dinampot ang bote ng liquid soap. Nasamyong niya ang jasmine nang maglagay siya ng sabon sa kanyang palad. May sariling bathroom ang housemate nilang si Kelcey, share naman sila ni Alaina. Marahan niyang

ikinalat ang sabon sa buong katawan gamit ang dalawang kamay.

Naiisip niya si Griff habang nagsi-shave siya. Nais niyang muling makasama ito. May pagkakataon siya mamayang gabi.

Napansin ni Griff si Emma pagtapak na pagtapak niya sa kusina ni Rye. Tumatawa ito at si Alaina habang kumukuha ng mga plato mula sa cabinets at pagkain sa refrigerator. Amoy-inihaw na baka at baboy ang hangin. Sumandal siya sa hamba ng pintuan, pinapanood ang dalawa na nagmamadali sa pagkilos.

“Matagal pa ba iyong barbecue?” tanong ni Alaina, nasa loob ng ref ang ulo.

Tumigil si Emma sa pagpilas ng dahon ng letsugas at sumulyap sa timer sa stove. “Sampung minuto.”

“Tiinit ko ’yung baked beans.”

“Okay. Paki naman n’ung salad dressing.”

Marahan niyang pinasadahan ng tingin si Emma. Nakasuot ito ng masikip na kupasing maong na sakto sa mga balakang nito. Nakatali sa baywang ang blouse nitong kulay turquoise, hot pink at gray, kaya

kita ulit ang maliit na bahagi ng tiyan nito.

Sumisilip ang mga daliri nito sa paa mula sa suot nitong denim sandals. Hot pink ang kulay ng nail polish nito. Mukhang nag-manicure at nag-pedicure ito ngayong araw, kung di man ipinagawa iyon sa bayan. Bagay na bagay talaga ang kulay na iyon sa maputi nitong balat.

May kinuhang glass casserole dish si Alaina mula sa refrigerator. Nakita siya nito nang itulak nito ang pinto ng ref gamit ang balakang nito. “Hi, Griff.”

Napabaling si Emma sa kanya. Pinanood niya ang mga mata nito na naglakbay sa kanyang mga balikat, dibdib at sa pagitan ng kanyang mga hita bago iyon bumalik sa kanyang mukha. Matagal na niyang hindi nakikita ang ganoong tipo ng tingin, pero nakilala niya iyon.

Pagnanasa.

Dumaloy ang init sa katawan ni Griff, isang bagay na ilang buwan na niyang hindi nararamdaman. Hindi niya gustong makaramdam ng init, o pagnanasa, o anumang katulad na emosyon para kay Emma o sa kanino pa mang babae. Hindi niya maaaring dungisan sa ganoong paraan ang alaala ni Jana. Ito lang ang babaeng minahal niya, ang nag-iisang babae na kaya

niyang mahalín. Buhay siya, pero kasamang nalibing ng kanyang asawa ang puso niya.

“Hi,” bati nito, mahina at malambing ang boses.

Tumango siya. “Ladies.”

“Nasa game room ’yung dalawa.” Ibinaba ni Alaina ang casserole dish sa tabi ng microwave. “Nag-stock si Rye ng beer at *Coke* sa mini-fridge.”

“Kailangan n’yo ng tulong?”

“Nah, ayos lang kami.” Isinet ni Alaina ang timer para iinit ang baked beans. “Sabihin mo kina Rye at Dax na handa na ang hapunan sa loob ng kinse minutos.”

“Okay.”

Nagtama ang mga mata nila ni Emma nang ilang sandali bago niya nakuhang bawiin ang tingin mula rito at lisanin ang kusina.

Narinig niya ang salpukan ng pool balls habang naglalakad siya sa pasilyo patungo sa game room ni Rye. Naalala niya ang usapan nilang tatlo noon kapag mayroon na silang sari-sariling bahay. May game room sa bahay ni Rye, swimming pool kay Dax, at hot tub sa bahay niya. Dahil magkakalapit lang ang lupaing ipinamana ng mga magulang nila sa kanilang

magkakapatid, madali lang pumunta sa bahay ni Dax pag gusto nilang maglangoy, o sa bahay niya kung gusto nilang maglunoy sa hot tub. Sa game room ni Rye, naglalaro sila ng bilyar o darts, o kaya nanonood ng sports sa malaking high-def TV.

“Shit!” bulalas ni Dax habang papasok siya sa pintuan. Nakita niyang dere-derecho ang cue ball patungo sa corner pocket. “Shit, shit, shit!”

Natawa si Rye. “Scratch yata ang tawag diyan, Dax.”

“Alam ko.” Napasimangot ang huli nang malinis na mahulog ang bola sa butas. “Kailangan ko ng babae. Minamalas ako.”

“May kasama si Alaina sa kusina, mukhang cool siya.”

“Oo, pero hindi interesado sa ’kin si Emma. Si Griff lang ang nakikita niya.”

Napatda siya bago nakatuloy sa silid. “Ano?”

Nilingon siya ni Dax. “Oh c’mon, ’wag mong sabihing hindi mo ’yun alam.” Pinagkukuha nito ang mga bola galing sa mga pitak at ipinatong ang mga iyon sa mesa para maiayos iyon ni Rye. “Tinitingnan ka niya sa bar kagabi.”

“Tinitingnan ka rin niya.”

“Hindi siya humingi ng rematch sa ’kin.”

“Natalo ako.”

“Natalo rin ako, pero hindi niya ako hinamon ulit. At natalo pa ako ng twenty bucks dahil pinayagan mo siyang manalo. May utang ka sa ’kin.”

“Oo nga,” ani Rye, nakangiti ang mga mata, “pati sa ’kin may utang kang twenty bucks.”

“Sabagay, magpapatalo din ako kung kasing-hot ni Emma ang babae.” Dinakot ni Dax ang batok niya. “Kailangan mo ng tulad niya sa buhay mo at sa kama mo.”

Nanigas siya. Hindi siya makapaniwalang isusuhestyon ni Dax na magtaksil siya kay Jana. “Ayokong makipag-sex kay Emma.”

“Kung gan’un, hindi ka tao. Para siyang naglalakad na kasalanan sa suot niyang pantalon.”

Totoo ang sinabi nito, pero hinding-hindi niya isasaboses iyon. Natural mapapansin niya ang isang babaeng kasing-sexy ni Emma. Pero hindi ibig sabihin, may gagawin siya.

“Handa na ang hapunan!” sigaw ni Alaina.

Mabilis siyang lumabas ng game room, kasunod sina Rye at Dax.

Masarap ang barbecue, halos natutunaw sa bibig sa lambot. Busog na busog si Emma, hindi niya alam kung makadudukwang pa siya sa mesa para maglaro ng bilyar.

Pero kung ibang laro ang gusto ni Griff, makakagawa siya ng paraan.

Inignora siya nito buong panahon ng hapunan, tumitingin lang sa kanya kapag direktang tinatanong niya o kung nagkokomento siya sa sinabi nito. Kung ugali niyang sumuko, nabuwag na ang kumpiyansa niya. Pero hindi niya gagawin iyon dahil gusto niya si Griff.

Alam niya ang tinatawag na attraction. Alam din niya kung ano ang pagnanasa. Ang hindi niya maintindihan ay itong humihila sa kanya patungo kay Griff.

Tiningnan niya sina Dax at Griff na nasa kabilang side ng mesa. Parehong guwapo, sexy, single. Dapat si Dax na lang ang pagtuunan niya ng pansin, good time lang at wala nang iba ang gusto nito. Si Griff ay nagkaasawa na. Walang dudang ang happily-

ever-after, lecheng isang-tao-lang-habambuhay na iniiwasan niya ang hanap nito.

Kaya lang, kay Griff siya naakit, hindi kay Dax.

Alam niyang ipinagluluksa pa nito ang pagkamatay ng asawa. Pero hindi ibig sabihin hindi na ito puwedeng magsaya. Makabubuti rito iyon.

Naisip niya si Griff, ang kayumanggi at matipuno nitong katawan na nasa ibabaw niya habang nasa kama sila.

Ibinaba ni Rye ang tinidor nito sa plato. “Huwag mo ’kong isusumbong, Emma, pero mas masarap ang potato salad mo sa gawa ng nanay ko.”

“Pasalamat ka’t wala dito si Mama,” ani Dax, “kung di ibibitin ka niya gamit ’yang mga tainga mo.”

“Hindi ko ’yun sasabihin kung nandito si Mama. O kung maririnig niya ’ko.”

Itinaas ni Emma kay Rye ang wine glass niya. “Thanks. Wala nang mas gaganda pang papuri sa pagkukumpara sa inihanda ko sa luto ng nanay mo.”

“Kahit ano’ng ihanda mo, mas masarap sa niluluto ng nanay ko.” Pabirong kinilabutan si Alaina. “Hindi ko alam kung saan niya nakukuha mga iniimbento niya.”

“Natikman ko na ang luto ng nanay mo, kaya agree ako sa ’yo.” Uminom siya ng wine, at sumulyap kay Griff habang ginagawa iyon. Pinapanood siya nito.

Naaakit din siya, kasing-tindi ng nararamdaman ko.

Sumandal si Alaina sa upuan nito. “Sayang at iyong titigil lang sa *B-and-B* ko ang makakatikim ng luto ni Emma.”

Iyon na ang tamang pagkakataon para sabihin ang ilang linggo na rin niyang pinag-iisipan. “May solusyon ako diyan.”

“Ano?”

“Di magbukas ng restaurant sa tabi ng *B-and-B* mo.”

“Oo nga, tama.” Tumawa si Alaina habang nakatingin sa triplets. Natigil ito sa pagtawa nang walang tumawa pabalik sa tatlo. Tumingin ito sa kanya. “Seryoso ka ba?”

“Tingin ko, maganda ang naisip niya,” sabi ni Dax. “Kailangan ng Lanville ng disenteng restaurant, iyong may class.”

Pinagpatong ni Rye ang mga kamay sa tiyan nito.

“At kung si Emma ang magpapatakbo, siguradong masarap ang pagkain.”

Bumilis ang puso niya sa isipin na magpapatakbo siya ng sariling restaurant. Iba iyon sa gagawin niyang pagluluto sa kusina ng bed-and-breakfast ni Alaina. Mas maraming trabaho, oo, pero mas makabuluhan.

“Ang dami kong naiisip,” sabi niya sa matalik na kaibigan. “Colors, linens, wall hangings. Puwede kong i-expand ang menu ng *B-and-B*—”

“Teka lang.” Itinaas ni Alaina ang kamay upang itigil ang usapan. “Masyado kayong mabilis para sa ’kin. Wala akong planong magbukas ng restaurant.”

“Ikaw ang magtatayo, ako ang magpapatakbo, si Kelcey ang bookkeeper. Idadagdag niya lang d’un sa para sa *B-and-B*.”

“Maganda ang trabaho ni Kelcey, hindi siya dapat mag-quit para lang magtrabaho sa ’kin.”

“Nagsasawa na si Kelcey sa maganda niyang trabaho. Laging OT, pero kulang ang ibinabayad sa kanya.”

“One hundred grand ang kita niya taun-taon!”

“At times four ang kinikita ng boss niya na tambak lang nang tambak ng trabaho sa desk ni Kelcey para

makapaglaro siya ng golf.”

“Emma, hindi ko siya kayang bayaran nang ganoon kalaki.”

“Hindi naman niya hihingin iyon, at hindi ko rin inaasahan na ang ibabayad mo sa ’kin, eh, kasinlaki ng kinikita ko ngayon. Kapag malaki na ang negosyo mo, tataasan mo ang suweldo namin.” Ngumisi siya. “Tapos malaking Christmas bonus.”

Tumingin si Alaina kay Rye. “Ano sa tingin mo?”

“Sang-ayon ako kay Dax. Magandang ideya ’yan.”

Napabuga si Alaina ng hangin, naidaan ang kamay sa buhok nito. “Puwede bang *Coleman Construction* ang gumawa? Ang dami pang aayusin sa bahay.”

“Oo, puwedeng kami ang gumawa. Hati kami sa labor, kukuha kami ng ilang trabahador.” Pinabalik-balik ni Rye ang hinlalaki sa pagitan nito at ng mga kapatid. “Isa sa ’min ang magiging in-charge. Palagay ko si Griff dapat.”

Napatingin si Emma kay Griff saktong muntik na itong masamid sa nilagok na alak. “Bakit ako?”

“Dahil bukod sa alam mo ang pasikut-sikot pagdating sa construction, gaya namin ni Dax,

electrician ka pa. Tapos ka na sa wiring sa *Stevens House*. Kaya puwede mo nang umpisahan ang restaurant ni Alaina. At nasa malapit ka lang pag kailangan ka namin.”

“Tama,” sabi ni Dax. “Majority rules.”

Napangiti si Emma sa nakitang pamumutla ni Griff. “Mukhang makakatrabaho kita nang ilang buwan, Coleman.”

Natakpan ni Alaina ng kamay ang mga mata. “I’m crazy. Nababaliw na ako para gawin ito.” Inalis nito ang kamay sa mukha at tumingin sa nobyo. “Magtatayo ako ng restaurant sa tabi ng bed-and-breakfast ko?”

“Aayusin ko ang mga permits bukas.”

“Sigurado ka ba dito?” tanong ni Alaina sa kanya. “Sigurado kang gusto mong magpatakbo ng restaurant?”

Tumingin si Emma kay Griff. Magtatrabaho sila sa araw, at magkasama sa gabi.

“Oo, siguradong-sigurado ako.”

4

Suwabeng gumulong ang number eleven papunta sa corner pocket, pero tumigil iyon sa gilid. Napabuga si Emma ng hininga. Malamang sosolohin na ni Griff ang laro ngayon. Nakakadalawang panalo na ito, ang buwisit.

Tumaas ang sulok ng bibig nito habang inililinya ang sunod na tira. Nahulog ang tatlong natitirang bola sa pitak. Nagtagis ang ngipin ni Emma nang malinis na pumasok ang eight ball sa pocket.

“Tatlong panalo na ’yun,” sabi ni Griff.

Hindi siya susuko. “Best four sa pitong laro.”

Muling kumibot ang mga labi nito, umiling ito. “Magaling ka, inaamin ko. Pero palagay ko, hindi mo ’ko kayang talunin.”

Sumang-ayon si Dax.

“There’s a first time for everything. Ayusin mo na ang mga bola, Coleman.”

“Tanggapin mo na lang na talo ka, Emma.”

“Bullshit. Naglalaro ako para manalo.” Itinuro

niya ang mesa. “Laban na.”

Tumawa si Rye. “Hindi siya titigil, Griff.”

Nagkibit ng balikat si Griff. “Gustung-gusto yatang natatalo.”

“Wala nang mas nakakabuwisit pa kesa sa kayabangan mo, Coleman. Ayusin mo na ang mga bola.”

“Bago kita makitang mailampaso ulit,” ani Alaina, tumayo mula sa armchair, “kailangan ko ng chocolate.”

“Gee, salamat, Lainy.”

Ngumisi ang babae. “Sinasabi ko lang ang nakikita ko. Kukunin ko ’yung brownies.”

Iniabot ni Emma ang tako nito kay Rye. “Tutulungan na kita habang inaayos ni Griff ang mga bola.”

Damn, iba siya.

Minasdan ni Griff ang pang-upo ni Emma habang palabas ito ng silid kasabay ni Alaina. Feisty, independent, sassy... mga katangiang nagsasabi na enjoy itong kasama.

Nabubuhay ang dugo niya sa hitsura pa lang nito.

Hindi madali ang ignorahin ito habang naglalaro sila. Umuusok ito sa sex appeal.

Matagal ang sampung buwan na walang sex.

“Sira ka, Bro, alam mo ba ’yun?” saad ni Dax.

Napatigil siya habang kinukuha ang mga bola sa pitak. “Bakit?”

“May gusto si Emma sa ’yo. Isang tawag mo lang, lalapit na siya.”

“Ayoko siyang lumapit.”

“Bakit ayaw mo? Shit, man, dapat samantalain mo ’yun.”

“Tigilan mo siya, Dax,” madiing sabi ni Rye.

“Hindi.” Kumunot ang noo ni Dax sa panganay na kapatid. “Panahon na para pakawalan niya si Jana at ayusin ang buhay niya.”

Pangalawang beses na ito sa loob ng dalawang araw na sinabi iyon ng kapatid. Napupundi na siya sa pagdidikta nito kung paano niya dapat patakbuhan ang kanyang buhay. Hinarap niya ito, nakakuyom ang mga palad sa magkabilang tabi.

“Tumahimik ka. Hindi mo alam ang nararamdaman ko.”

“Alam kong mahal mo siya. Hell, Griff, mahal nating lahat si Jana. At alam kong hindi ganoon katagal ang sampung buwan para ipagluksa siya. Pero panahon na para mag-move on ka.”

“Sino ka para sabihin sa ’kin iyan?”

“Kapatid kita at mahal kita! Gusto kong maging masaya ka ulit.”

Kung makapagsalita ito ay para bang napakasimple niyon; na para bang pipitik lang siya at mabubuo na ulit ang puso niya. “Paano ako magiging masaya? Sabihin mo sa ’kin, Dax. Nawalan ako ng asawa! Si Jana lang ang babaeng minahal ko, ang nag-iisang babae sa buhay ko.”

“Alam ko iyon—”

“Wala kang alam. Hindi mo pa naranasang magmahal. Napakabilis mong magpalit ng babae!”

“Okay, tama na ’yan,” awat ni Rye, pumagitna sa dalawa.

May galit sa mga mata na itinulak niya ito patabi at humakbang palapit kay Dax, halos maglapat sa lapit ang mga ilong nila. “Hindi mo alam kung paano magmahal, na buong buhay mo inialay mo na sa kanya. Hindi mo alam ang pakiramdam na kunin

siya sa 'yo dahil may siraulong bigla na lang naisip na magnakaw ng bangko para may maipangdroga siya!”

Kinain siya ng galit at kalungkutan. Nahulog ang mga salita mula sa kanyang bibig, mga salitang hindi niya kailanman nais sabihin.

“Hindi mo alam kung paano mawalan ng anak!”

Hindi alam ni Griff kung ano ang nasabi hanggang sa makita niya ang pagkabigla sa mukha ng mga kapatid. Nanikip ang kanyang lalamunan, hindi na siya makapagsalita.

“Buntis si Jana?” anas ni Rye, naroon ang pagkabigla sa boses at sa mukha.

Tumungo si Griff at tunitig sa sahig. Pagkatapos ng matagal na sandali, tumango siya.

“Oh, Jesus,” bulong ni Dax.

“Bakit hindi mo sinabi sa 'min?” tanong ni Rye.

Napalunok siya, pinagagana ang boses, humugot ng malalim na hininga at inilabas iyon. Tumunghay siya, tumingin sa nakauunawang mukha ng mga kapatid. “Sasabihin sana namin noong Thanksgiving. Nakunan na siya dati, gusto naming maghintay na tapos na siya sa first trimester bago ipaalam sa iba.”

“Hindi rin alam ng mga magulang natin?” ani Dax.

Umiling siya. “Wala kaming pinagsabihan.”

Hinawakan ni Rye ang balikat niya. “Ilang buwan na?”

“Magti-three months.”

Nabasag ang boses niya sa huling salita. Nanlabo na sa paningin niya ang mukha ng kanyang mga kapatid. Napuno ng sakit ang dibdib niya, pinipiga ang kanyang puso, ang baga niya.

Ang kaluluwa niya.

Naipit ang iyak niya sa kanyang lalamunan. Bumigay ang mga tuhod niya at napaupo siya sa sahig. Niyakap siya ng mga kapatid. Kumapit siya sa braso ng mga ito at iniyuko ang kanyang ulo. Bumuhos ang luha mula sa kanyang mga mata, luhang hindi niya naiiyak nang mawala sa kanya si Jana at ang anak nila. Nanginig ang katawan ni Griff anumang pigil ang gawin niya.

“Sige lang, Bro,” bulong ni Dax, pagas ang boses, hirap. “Iiyak mo lang iyan.”

Walang ideya si Griff kung gaano katagal siyang hawak ng mga kapatid niya habang umiiyak siya.

Pakiramdam niya ay pagod na pagod siya nang mahulog ang huling luha buhat sa kanyang mga mata. Hirap siyang huminga, tumunghay siya at tumingin kina Rye at Dax. Kapwa basa sa luha ang mga mata ng dalawa.

“Kaya mo bang tumayo?” tanong ni Rye.

Tumango siya. Sa tulong ng mga ito, nagawa niyang ikilos ang nanginginig na mga binti, sapat upang makatayo. Pinahid niya ang luha at iniangat ang kanyang mukha. Nakita niya sina Alaina at Emma na nakatayo sa di-kalayuan. Parehong umiiyak ang mga ito.

Tumitig siya kay Emma sapat para makitang bumuka ang bibig nito at sabihing, “I’m so sorry,” bago niya iniwas ang tingin.

“Kailangan ko na sigurong umuwi.”

“Hindi, ’wag.” Lumapit si Alaina at hinawakan ang braso niya. “Bakit di ka na lang dito matulog?”

“Oo, tama siya,” sang-ayon ni Rye. “Para hindi ka nag-iisa.”

Tumingin siya kay Emma. “May bisita na kayo.”

“Ayos lang iyon,” sagot ni Emma. “Ikaw na sa guest room. Maliit lang ako. Kasya na ako sa sofa sa

sala.”

Hindi niya nga gustong mapag-isa, pero ayaw niyang mahirapan ang dalaga. “Hindi naman tama iyon.”

“Wala iyon.”

“Ang lapit lang ng bahay ko.”

“Griff, sige na.” Muling pinisil ni Rye ang balikat niya. “Mas mapapanatag ako kung dito ka matutulog.”

“Ako rin,” ani Dax.

Tumango siya. “Okay.” Isa pa, babagsak na rin siya sa pagod. “Parang gusto ko na ngang matulog sa kamang iyon.”

“May kukunin lang akong ilang gamit d’un sa kuwarto.”

“Salamat, Emma.”

Ngumiti ito sa kanya bago tumalikod. Nahilot ni Griff ang noo, inaatake siya ng matinding sakit ng ulo. “Alaina, may aspirin ba kayo?”

“Oo naman. Ikukuha kita.”

Nang sila na lamang ulit magkakapatid ang naiwan, hinarap ni Griff ang mga ito. Nakatungo si

Dax, nakasuksook ang mga kamay sa mga bulsa ng pantalon nito sa likod. “Sorry nasigawan kita, Dax.”

Tumunghay ito. Naroon ang pag-unawa, simpatya at pagsisisi sa mga mata nito. “Sorry, pinilit kita. Gusto ko lang makatulong.”

“Alam ko iyon.”

Hinigit niya ito sa isang makabugbog-likod na yakap, gayundin si Rye. Laging naroon ang mga ito para sa kanya. Masuwerte siya sa mga kapatid.

Bumalik si Alaina na may dalang bote ng aspirin at mataas na baso ng tubig. Uminom si Griff ng tatlong maliit na puting tabletas at ibinalik dito ang nasaid nang baso. “Salamat.” Nagpaalam na siya sa mga ito na matutulog na.

Tinalunton niya ang pasilyo patungo sa guest room. Bukas ang pinto ng closet. Kumuha si Emma ng ilang kumot mula roon at isinara ang closet gamit ang balakang.

“Papalitan ko iyong bedsheets mo.”

“Hindi mo kailangang gawin iyon.”

“Wala ’to.”

“Emma, dalawang gabi ka pa lang natutulog

diyan. Ayos lang iyan. Isa pa, pupunta si Mama dito bukas at papalitan niya ulit iyan.”

Nakagat nito ang pang-ibabang labi, ang labing sa isip ni Griff ay tinitikman niya. “Sigurado ka?”

“Oo. Pero salamat.”

Niyakap nito ang mga kumot. “Kung gan’un, sige, gagamitin ko na lang ang mga ito sa couch.”

“Nakuha mo na ba ang mga kailangan mo?”

Tumango ito. “Kita na lang tayo bukas.”

“Oo. Good night.”

Pinanood niya ito hanggang sa lumiko ito patungo sa sala. Huminga siya nang malalim, at pumasok na sa guest room. Isinara niya ang pinto at sumandal doon.

Hindi niya sinasadyang ipagtapat ang tungkol sa bata. Nalungkot ang mga magulang niya nang mawala si Jana. Baka hindi nakabawi ang kanyang ina kung nalaman nitong nawalan din ito ng apo. Sabik na sabik na ito sa apo.

Kailangan niyang ipaalam sa mga magulang niya. May tiwala siya sa mga kapatid, hindi sasabihin ng mga ito, pero alam niyang pinakamabuti na malaman

ng mga magulang niya ang lahat. Sa lalong madaling panahon.

Ngayon, parang gusto niyang matulog at huwag bumangon sa loob ng dalawang linggo man lang.

Naghubad siya at hinayaang mahulog ang mga damit niya sa sahog. Walang saplot na sumuot siya sa pagitan ng mga kumot at inilapat ang kanyang likod. Parang binabayo ang ulo niya sa sakit. Siguro kung hindi siya gagalaw kahit kaunti sa dilim, mababawasan man lang iyon.

Tumagilid siya at pinatay ang bedside lamp. Inayos niya ang unan, sinusubukang humanap ng komportableng puwesto. Sumigid sa pang-amoy niya ang cologne ni Emma. Naalala niya si Jana.

Banayad at matamis ang mga pagsisiping nila ng namayapang asawa. Minsan, higit pa roon ang gusto ng isang lalaki.

Na-guilty siya sa naisip. Perpekto si Jana sa lahat ng bagay. Kung masyado man itong... conservative sa kama, okay lang iyon. Hindi ibig sabihin hindi niya nagustuhan ang bawat sandaling pinagsaluhan nila.

Nauwi sa manaka-nakang pagpintig ang sakit ng ulo niya. Humigit siya ng malalim na hininga at ipinikit ang kanyang mga mata.

Nakaupo si Emma sa couch sa sala, malapit sa dibdib ang mga tuhod, nakayakap ang kanyang mga bisig sa mga binti. Tahimik ang buong bahay, patunay na tulog na ang lahat. Maliban sa kanya.

Masyadong magulo ang isip niya para makatulog. Hindi mawala roon si Griff at ang sinabi nito sa mga kapatid. Napabalik sila ni Alaina sa game room nang makarinig sila ng sigawan. Dumating sila saktong sinabi ni Griff na kasamang namatay ni Jana ang anak nito. Humigpit ang tiyan niya sa sakit na nasa boses nito. Nadurog ang puso niya nang mapaiyak ito.

Hindi niya lubos maisip ang sakit na dinanas ng lalaki. Hindi pa niya naranasang mawalan ng malapit sa kanya. Buhay pa ang mga magulang niya, gayundin ang lolo't lola niya sa mga ito. Nag-aaway sila ng kapatid niyang lalaki kapag nasa isang silid sila, pero alam niyang maaasahan niya ito kung talagang kailangan niya.

Inilagay ni Emma sa pinakamababang setting ang kalapit na ilawan. Ayaw niyang i-on ang TV, baka may magising, pero alam niyang matagal pa bago siya makatulog. Puwede siyang magbasa. Baka sakaling antukin siya. Pero naiwan niya ang kanyang libro roon sa nightstand sa guest room.

May magandang koleksyon ng libro si Rye sa game room, pero westerns at thrillers ang karamihan doon. Romance ang karaniwang binabasa niya. Kung lalakad siya nang patiyad, makakapasok siya sa silid nang hindi naaabala si Griff.

Isinuot niya ang mahabang itim na roba at nakayapak na naglakad sa pasilyo. Hinawakan niya ang door lever, at dahan-dahang itinulak iyon pababa upang buksan ang pinto. Sapat ang nightlight sa tabi ng dresser para makita niyang nakatagilid si Griff sa pagkakahiga, hanggang baywang nito ang kumot. Tumiyad siya palapit sa kama, nakabantay rito buong panahon para masigurong hindi ito magiging. Kinapa niya ang kanyang libro sa nightstand. Wala roon.

Muntik na siyang napamura. Pinagapang niya ang kamay sa stand, baka mas malayo ang pinagpatungan niya.

“Buhayin mo ’yung ilaw.”

Napapitlag siya sa tunog ng boses ni Griff. “Hindi ko sinasadyang gisingin ka,” anas niya.

“Ayos lang.” Kumaluskos ang mga kumot, inabot nito ang ilawan. “Hindi ako tulog.”

Naupo ito at sumandal sa headboard. Hindi nito

kasing-laki ang mga kapatid, pero hindi ibig sabihin ay kakaunti ang muscles nito. May pinong itim na balahibo sa dibdib ng lalaki. Gumuhit iyon pababa sa patag nitong tiyan patungo sa pusod at naglaho sa ilalim ng mga kumot.

Sobrang sexy.

Pinalis niya ang naiisip at naupo sa kama sa tabi nito. “Gabi na. Dapat natutulog ka na.”

“Ikaw din.”

Nagkibit-balikat siya. “Maraming tumatakbo sa isip ko.”

“Naiintindihan ko iyon.”

Dumako ang mga mata ni Griff sa dibdib niya bago ito nag-iwas ng tingin. Alam niyang bakat ang dibdib niya sa satin niyang roba.

Inilayo niya ang tingin dito at nakita ang libro niya sa tabi ng nightstand. Aksidente niya sigurong naitulak. Wala nang dahilan para magtagal pa siya roon, dinampot niya iyon at tumayo na. “Pasensya na sa abala. Good night.”

Nakakaisang hakbang pa lang siya nang sunggaban ni Griff ang pupulsuhan niya. “Emma.”

Hinintay niya itong magsalita. Nang manatili itong tahimik, nakatungo, marahan siyang nagtanong. “May kailangan ka ba?”

“Wala akong... Hindi ako...” Tumikhim ito. “Puwede mo ba akong samahan?”

Mabilis na lumipat ang tingin nito sa mukha niya, naguguluhan ang ekspresyon nito. “Hindi ko sinasadya... Wala akong inaasahang... kahit ano. Gusto ko lang...” Muli itong tumigil.

Nauunawaan niya ang hinihiling ni Griff, kailangan lamang nito ng kasama. Maingat niyang binawi ang pupulsuhan mula sa kamay nito at umikot sa kama. Ibinaba niya ang libro sa katabing nightstand. Iniangat niya ang bedcovers at nahigana, patalikod dito.

Nag-click ang bedside lamp nang patayin nito iyon, at isang matipunong bisig ang yumakap sa baywang niya. Sa isang iglap ay nakadikit na sa dibdib nito ang likod niya.

“Salamat,” bulong ng lalaki.

Kinuha niya ang kamay nito, pinagsalikop ang kanilang mga daliri at ipinikit ang kanyang mga mata.